

**Balidasyon ng Gabay-Saliksik sa Pagsulat ng
Riserts sa Filipino**
(*Validation of Research Guide Book in Writing a Filipino
Researches*)

**Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development**
Vol. 9 No. 1, 26-37
March 2021
ISSN 2782-8557 (Print)

Felisa D. Marbella (PhD)

School of Graduate Studies, Sorsogon State College, Sorsogon City
felymarbella03@gmail.com

Date Received: October 14, 2020; Date Revised: January 11, 2021

Abstract. *This study aimed to determine the intervention made in writing Filipino researches. This study utilized the descriptive-analytic type of research. The primary sources of data were gathered from the validation of the research experts and students. The respondents were the student of Sorsogon State College and Bicol University graduate schools and the teachers handling research subjects in the masteral program. Purposive sampling was used to obtain the respondents of the study which were composed of 35 students from SSC, 25 from BU and 10 teachers. Checklist and rubrics were used to gather the needed data. Interview guide was also utilized to validate the answers. Frequency count and weighted mean were used to interpret the data gathered. It was found out that the research guide was appropriate and has accurate objectives, content and physical features based from the validation from the respondents. The research guide provides information to the students in formulating research problems, rationale, and identifying the related literature and studies. As well as in choosing the right design and methodology. Moreover, this book guided them to interpret the data, formulate findings, conclusions, and recommendations. This research guidebook Gabay-Saliksik sa Pagsulat ng Riserts sa Filipino was a helpful in improving the performance of the students in research.*

Keywords: *Validation, Guidebook, Accuracy, Fitness, Quality, Research*

Abstrak. *Natiyak sa pag-aaral na ito ang naging interbensyon ng nabuong gabay-saliksik sa pagdalumat ng kaalaman sa pagbuo ng pananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Ang pangunahing pinagkunan ng mga datos ay mula sa balidasyong ginawa ng mga eksperto at mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral sa masteral na nagpapakadalubhasa sa Filipino mula sa Paaralang Gradwado ng Sorsogon State College at Paaralang Gradwado ng Bicol University, at mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa masteradong lebel. Purposive random sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagtukoy ng mga respondent na 35 mag-aaral sa masteral ng SSC, 25 mula sa BU at 10 guro ng nagtuturo ng pananaliksik sa masteral. Ginamit ang tseklist at rubrik para matukoy ang mga kailangang datos. Gumamit din ng interbyu skedyul sa isinagawang pakikipanayam upang maging ganap na balido ang mga nakuhang mga datos. Frequency count at weighted mean ang ginamit upang matukoy ang mga naging kasagutan. Natuklasan na may kaangkupan at kalidad ang layunin, nilalaman, at katangiang pisikal ng gabay-saliksik mula sa naging balidasyon ng mga eksperto at mag-aaral. Sapat ang kasapatan ng kaalaman ng mga mag-aaral matapos magamit ang interbensyong gabay-saliksik sa pagtukoy ng pagpili ng paksa, paglalahad ng rasyonal ng suliranin, pagtukoy ng kaugnay na literatura at kaugnay na pag-aaral, paglalahad ng disenyo at pamamaraan sa pangangalap ng mga datos, paghahanay ng mga datos at pagbibigay-interpretasyon, at pagbuo ng lagom, konklusyon, at rekomendasyon. Napakalaki ng naitulong ng gabay-saliksik sa performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik na may iba't ibang genre.*

Susing-salita: *Balidasyon, Gabay-saliksik, Kasapatan, Kaangkupan, Kalidad, Riserts*

INTRODUKSYON

Isa sa pangunahing gampanin ng Komisyon sa Wikang Filipino ang pagpapaigting at pagpapalawig ng

saliksik sa larangan ng Filipino at kultura bilang tugon sa isinasaad sa Batas Republika Blg. 7104, seksyon 14 [1] na tumatalakay sa mga pananaliksik at iba pang

pag-aaral na magpapakilala ng ebolusyon, pagbuo, at pagpapayaman na makakaagapay sa istandardisasyon ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas. Kasama nito ang koleksyon ng mga nagawa na maaaring maisama sa isang multi-lingual na diksyunaryo ng salita, parirala, idyoma, kasabihan at ibang mga pahayag, katulad ng salita at parirala mula sa iba pang wika na ginagamit o kasama sa kanilang lingua franca.

Bunga nito, nararapat lamang na suportahan ang adhika ng Komisyon ng Wikang Filipino ang maibalangkas ang mga napapanahon at kailangang saliksik pangwika at pangkultural upang maging gabay hindi lamang ng KWF kundi ang lahat ng ahensiya at institusyon na may interes sa wika [2]. Gayunpaman, higit nitong mapapayaman ang usaping pangwika at maging ang pampanitikan

Ang pananaliksik ay malaking tulong sa bawat indibidwal. Ang resulta ng pananaliksik na nagawa ay ginagamit sa iba't ibang disiplina. Sa larangan ng edukasyon, hindi lamang guro ang inaaasahang makabuo ng mga pananaliksik kundi maging ang mga mag-aaral. Patunay nito ang pagkakaroon ng asignatura tungkol sa pananaliksik sa lahat ng antas ng pag-aaral. Ang sulating pananaliksik ay malaliman ang pagtatalakay sa isang tiyak at naiibang paksa. Binanggit ni Bernales et al. [3], na ang pagsulat ay isang kognitibong proseso ng pagsasalin ng mga nabuong salita. Simbolo at ilustrasyon ng isang bagay o pangyayari upang makabuo ng isang payak na ideya. Sinang-ayunan ito ni Spalding [4] na hindi lamang ito basta pagsasama-sama ng mga datos na nasaliksik mula sa iba't ibang primarya at sekondaryang magpagkukunan ng impormasyon kundi taglay nito ang obhetibong interpretasyon ng manunulat sa mga impormasyong kanyang nakalap. Patunay lamang ito natotoong hindi madali ang pagsulat ng pananaliksik.

Sa mga pag-aaral na nagawa natuklasan hindi madali para sa mga mag-aaral ang paggawa ng pananaliksik lalo na ang Filipinong pananaliksik. Kailangan nito ang sapat na motibasyon upang mabuo ito. Ang mga tagapagturo at mga katiwala na may direktang koneksyon sa mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik ay kinakailangang may taglay na kaalaman at gumagamit ng akmang kagamitan at estratehiya upang matiyak na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral upang hindi maging paulit-ulit ang mga impormasyong inilalahad [5]. Ang paggamit ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo ay tumitiyak at nagbibigay ng iba't ibang tulong sa mga mag-aaral upang higit pang mapalawak ang pagkatuto at mapanatili ang mga impormasyong ibinigay sa kanila.

^[6]. Malaki ang maitutulong ng mga kagamitang pampagtuturo na maihanda upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga gawaing ibinibigay ng guro.

Sa pananaliksik ni Manalo [7], layunin nito na makapagbigay ng posibleng solusyon hingil sa salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng pagbuo ng papel na pananaliksik. Gumamit ng kwestyuner ang mananaliksik sa pangangalap ng datos. Napatunayan sa pananaliksik na ito na ang kakulangan sa mga aklat ay nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pananaliksik. Sa naging pag-aaral din ni Balona [8] 74 mula 100 kalahok na mag-aaral ang nakakuha ng bagsak na marka sa pagsulat ng sanaysay, 21 naman ang nakakuha ng fairly satisfactory at 5 lamang ang nakapasa. Upang makakalap ng datos sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nagpasulat ng personal na sanaysay sa mga kalahok. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang mga mag-aaral ay nahihirapang bumaybay, gumamit ng tamang bantas at ipahayag ang sarili.

Sa naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng pananaliksik, hirap ang mga mag-aaral sa mataas na antas ng pagkatuto na unawain ang konsepto ng pagbuo ng pananaliksik. Kailangan ang matiyagang paggabay ng guro sa mga mag-aaral sa pagbuo ng bawat bahagi nito upang makuha ang inaasahang resulta lalo pa't wala pang gaanong karanasan ang mga mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik. Kung hirap ang mga gurong mag-aaral sa pagbuo ng pananaliksik, ano ang maibababagi nila sa kanilang mga tinuturuan. Ang ganitong suliranin ay nagdudulot kung minsan ng pagkaantala ng isinasagawang pag-aaral at kung minsan pa ay ang mga nabuong pag-aaral ng mga mag-aaral ay hindi kalidad na pananaliksik at maging ang nabuong awtput ay walang kapakinabangang makukuha.

Ang mga nasabing kadahilan ang nag-udyok sa mananaliksik na bumuo ng gabay-saliksik upang kahit papaano ay makatulong bilang interbensyon sa mga mag-aaral na makabuo ng Filipinong pananaliksik. Sa puntong ito hangad ng mananaliksik na makapag-ambag sa larangan ng pagtuturo ng kagamitang lubos na makakatulong sa pagtuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Binigyang-pansin ang proseso sa pagbuo ng pananaliksik upang makatulong na mabago ang nararamdaman at pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa pananaliksik. Layunin din nito na maipadama sa mga mananaliksik na ang pagsasagawa ng pananaliksik at hindi dagdag na hirap sa mga pangangailangan sa kanilang klase bagkus ito'y magsisilbing ambag nila sa larangan ng pananaliksik.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin sa pag-aaral na ito na matukoy ang magiging interbensyon ng nabuong gabay-saliksik sa pagdalumat ng kaalaman tungkol sa pananaliksik. Sinagot sa pag-aaral na ito ang: 1). kaangkupan at kalidad ng gabay-saliksik mula sa naging balidayos ng mga eksperto at mag-aaral 2) kasapatan ng kaalaman ng mga mag-aaral matapos magamit ang interbensyong gabay-saliksik 3). naitulong ng gabay-saliksik sa performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

PAMAMARAANG GINAMIT

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Ang pangunahing pinagkunan ng mga datos ay mula sa balidasyong ginawa ng mga eksperto at mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral sa masteral na nagpapakadalubhasa sa Filipino mula sa Paaralang Gradwado ng Sorsogon State College at Paaralang Gradwado ng Bicol University, at mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa masteradong lebel. Purposive random sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagtukoy ng mga respondent na 35 mag-aaral sa masteral ng SSC, 25 mula sa BU at 10 guro ng nagtuturo ng pananaliksik sa masteral.

Ginamit ang tseklist at rubrik para matukoy ang mga kailangang datos. Nagsagawa rin ng unstructured na pakikipanayam gamit ang interbyu skedyul sa mga respondent upang madagdagan ang kailangang mga datos. Frequency count at weighted mean ang ginamit upang matukoy ang mga naging kasagutan.

MGA NATUKLASAN

Kaangkupan at Kalidad ng Gabay-saliksik mula sa Naging Balidayos ng mga Eksperto at Mag-aaral

Makikita sa mga talahanayan ang kaangkupan at kalidad ng nabuong gabay-saliksik mula sa naging balidasyon ng mga kalahok na mag-aaral mula sa

paaralang gradwado ng Sorsogon State College at Bicol University at mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa paaralang gradwado. Ginamit ang iskala upang mabigyan ng interpretasyon ang nakalap na datos [9].

Puntos Paglalarawan ng Marka

4.5-5.0	Lubos na sumasang-ayon (LS) Lubos ang kasapatan (LK)
3.5-4.4	Sang-ayon (S) Sapat ang Kasapatan (SK)
2.5-3.4	Hindi Makapagpasya (HM) Kulang ang Kasapatan (KK)
1.5-2.4	Hindi Sang-ayon (HS) Hindi Gaano ang Kasapatan (HGK)
0.1-1.4	Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS) Walang Kasapatan (WK)

Mga Layunin

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang layuning nakapaloob sa gabay-saliksik ay kinapalooban ng abot sa kaalaman ng mga mag-aaral na may 4.88 mean na kabuoan. May malinaw at maayos ang pagkakalahad na may mean na 4.83, may tiyak ang pagkakalahad na may mean na 4.8 at may mean na 4.67 na nakatutulong ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lahat ng nakapaloob sa layunin ay may deskripsyon na LS na nagngahulugang lubos na sinasang-ayunan. May kaangkupan at kalidad ang gabay-saliksik kung ang layunin nito ang binibigyang-diin.

Ayon sa mga kalahok ang layunin ng ginawang gabay-saliksik ay madaling maunawaan at gumamit ng mga payak na salita at hindi na kailangang gumamit pa ng diksiyonaryo upang maunawaan ito. Nangangahulugan kung gayon, na kapag gagawa ng isang artikulo, diyornal o ng ganitong uri ng gabay-saliksik ay napakahalagang gumamit ng mga salita at pahayag na abot ng isipan ng mga mambabasa nito, mag-aaral man o kahit mga eksperto.

Talahanayan 1. Kaangkupan at Kalidad ng Gabay-saliksik sa mga Layunin

Kraytirya	Mag-aaral-SSC (35)	Mag-aaral-BU (25)	Eksperto (10)	Kabuuan	Desk.
Mga Layunin: Ang mga layunin ay:	Mean	Mean	Mean	Mean	
1. Tiyak ang pagkakalahad.	4.86	4.64	4.9	4.8	LS
2. Malinaw at maaayos ang pagkakalahad.	4.74	4.76	5.0	4.83	LS
3. Abot sa kaalaman ng mga mag-aaral.	4.89	4.76	5.0	4.88	LS
4. Nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.69	4.52	4.8	4.67	LS
Composite Mean Rating	4.795	4.67	4.925	4.795	LS

Tandaan na ang halaga ng isang pahayag ay hindi nasusukat sa lalim ng salitang ginamit dito, kundi sa kung ito ba ay nauunawaan ng lahat. Ayon nga kay Richardson [10], napakahalagang gumamit ng mga simpleng salita, parirala, at pangungusap dahil sa nakatutulong ito upang mabilis na maunawaan ng mambabasa ang mensaheng nais ipahatid. Dahil para kay Jones [11], nais ng mga ito na madali nilang maunawaan ang kanilang binabasa.

Sinabi ng mga kalahok na sa kanilang pagbabasa, ang mga layuning inilahad sa gabay-saliksik ay magkakaugnay ang mga salita at ideya, at maayos o tama ang mga baybay ng mga salitang ginamit. Ayon kay Arrogante et al [12], ang mga tuntunin sa pagsusulat ay mahalagang sundin upang maunawaan ng mambabasa ang nais iparating, dagdag pa niya iba ang pasalita sa pasulat, dahil sa pasalita maaaring magpabalik-balik ang nagsasalita sa kaniyang sinasabi, ngunit sa pasulat ay may tiyak na istrukturang kinakailangang sundin. Ayon pa sa kaniya, walang ibang layunin ang komunikasyon kundi, ang maiparating ang mensahe.

Sinabi ng ilang mga nakausap na kalahok sa pag-aaral na ito, na ang mga layuning inilahad ay direktso sa kung ano ang nais sabihin at hindi paligoy-ligoy. Ayon sa mga kalahok na eksperto, napakahalaga ng pagiging tiyak o ispisipikong paglalahad ng isang layunin, sapagkat, una magiging gabay din ito ng manunulat kung ano ba talaga ang gusto niyang gawin at ilahad sa kaniyang ginagawang sulatin o diyornal. Pangalawa, matutulongan din nito ang mga mambabasa upang madaling malaman kung ano ba talaga ang makukuha nila rito.

Ibig sabihin, ang isang manunulat ay kinakailangang mag-isip muna ng isang tiyak na layunin upang magsilbing kaniyang gabay sa isang maayos at organisadong gawain, katulad ng sulatin, diyornal at iba pa. Ayon pa kay Zhou [13], makatutulong din ito upang madaling makabuo ng mga gawaing ilalagay at makapili ng nararapat na nilalaman nito. Mabibigyan ng manunulat ng malinaw na gabay ang kaniyang mambabasa tungkol sa tiyak na nilalaman ng kaniyang akda.

Para sa mga kalahok ng pag-aaral na ito, ang mga layuning inilahad ng mananaliksik sa paggawa niya ng gabay-saliksik sa pagsulat ng riserts sa Filipino ay malaking tulong para sa mga mag-aaral na nagsisimula pa lang sa pagsusulat ng pananaliksik. Lahat ng mga ito ay may kabuluhan at kapakinabangan sa lahat ng mga nagnanais na matutong magsulat at maging sa mga

mananaliksik na gustong higit pang mapaunlad ang kanilang kaalaman sa pananaliksik.

Nangangahulugan kung gayon na kapakinabang ang ginawang gabay-saliksik ng kasalukuyang mananaliksik. Ayon nga kay Otero ⁽¹⁴⁾, ang pananaliksik ay idinisenyo upang tumugon sa pangangailangan ng lipunan. Ibig sabihin, walang silbi ang isang pananaliksik kung wala itong kapakinabangan sa mamamayan. Hindi nabigo ang kasalukuyang mananaliksik lalo't hangad nito na matulongan ang mga bata pang mananaliksik na lalo pang madagdagan ang kanilang kaalaman pagdating sa paggawa o pagbuo ng isang pananaliksik. Ayon pa sa mga kalahok, ang gabay-saliksik na ito ay tunay na magagamit at hindi lamang basta mailalagay sa isang kabinet para maging display o palamuti..

Sa kabuoan, nagpapakita ang resulta na ang mga layuning inilahad ng mananaliksik sa kanyang ginawang gabay-saliksik ay tama at may kabuluhan, ang mga kalahok ay may buong pusong pagsang-ayon dito. Ayon pa sa kanila, ang mga layuning inilahad ay talagang pinag-isipan, at hindi ito basta-basta lamang inilagay para lang matugunan at mapunuan ang layunin na isang bahaging kailangang makita sa mga ganitong uri ng aklat.

Mga Nilalaman

Makikita na ang lahat na nakapaloob sa nilalaman ng gabay-saliksik sa pagsulat ng riserts sa Filipino ay may deskripsyon na LS na nangangahulugang lubos na sinasang-ayunan na may kaangkupan at kalidad ang gabay-saliksik ayon sa nasasaad sa Talahanayan 2. Nanguna sa mga naging kasagutan ang, angkop at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may mean na 4.90. Sumunod ang nalilalang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng pananaliksik na may 4.89 mean, nagsisilbing gabay sa pagtuturo ng pananaliksik 4.77, ginaganyak ang mga mag-aaral upang lalo pa nitong bigyang-halaga ang pananaliksik 4.55 ang mean at 4.51 mean ang malinaw at maayos na nakalahad ang mga impormasyon. Ikaanim sa mga naging kasagutan ng mga kalahok tungkol sa nilalaman ng gabay-saliksik at pinapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na may 4.49 mean.

Gaya ng lumabas na resulta sa naunang talahanayan tungkol sa layunin ng gabay-saliksik, ito ay makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral, kung kaya't hindi imposibleng ito nga ay makalinang sa kakayahan nila sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Talahanayan 2. Kaangkupan at Kalidad ng Gabay-saliksik sa mga Nilalaman

Mga Nilalaman	SSC (35)	BU (25)	Eksperto (10)	Kabuuan	Desk.
Ang mga nilalaman ay:	M	M	M	M	
1. Angkop at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.	4.91	4.8	5.0	4.90	LS
2. Nalilinanang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng pananaliksik	4.88	4.8	5.0	4.89	LS
3. Nagsisilbing gabay sa pagtuturo ng pananaliksik.	4.70	4.72	4.9	4.77	LS
4. Malinaw at maayos na nakalahad ang mga impormasyon.	4.8	4.72	5.0	4.51	LS
5. Ginaganyak ang mga mag-aaral upang lalo pa nitong bigyang-halaga ang pananaliksik.	4.0	4.76	4.9	4.55	LS
6. Pinapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral.	3.66	4.8	5.0	4.49	LS
Composite Mean Rating	4.49	4.765	4.96	4.685	LS

Ayon sa ilang mga kalahok, napakomprehensibo ng mga ideyang inilahad dito, lalo pa't ayon sa kanila ay may kaalaman na sa pagsasagawa ng pananaliksik ang may-akda nito. Batay din sa ilang mga nakapanayam na kalahok, sa kanilang saglit na pagbabasa sa nilalaman nito ay mayroon na silang nakuhang ideya. Ito ay sa kadahilanang ang lahat ng kanilang mga tanong kung paano ang pagbuo ng ganitong sulatin ay matatagpuan dito sa gabay-saliksik.

Sa madaling sabi, ang nilalaman nito ay kapaki-pakinabang dahil ito ay sumasagot sa mga kinakailangang kaalaman kaugnay sa pananaliksik. Tunay na makatutulong ito upang malinang ang kanilang kaalaman na isa sa mga hangad ng mananaliksik, nang sa gayo'y dumami pa at madagdagan ang mga mananaliksik sa lalawigan ng Sorsogon na makatutulong upang mapunuan ang mga kakulangan at pangangailangan sa bawat komunidad sa probinsiya at lalong-lalo na ang patungkol sa mga usaping pangwika at kultura. Nangangahulugan kung gayon, na ang gabay ay dagdag sa kanilang mga mapagkukunan ng kaalaman upang mapalawak ang kanilang ideya sa pananaliksik. Ayon nga kay Maximo banggit ni Manalo ⁽¹⁵⁾, na dahil sa walang humpay na pagbabasa at pag-iisip, napapalawak ang karanasan ng isang manunulat sa mundo ng pananaliksik.

Sinabi ng mga gurong kalahok sa pag-aaral na ang mga ganitong uri ng babasahin o aklat ay malaking tulong hindi lamang sa mag-aaral kundi maging sa kanilang mga gurong nagtuturo sa senior high school dahil sa mayroon na ritong asignaturang pananaliksik. Dagdag pa nila, hindi lahat ng nagtuturo ng asignaturang ito ay bihasa na sa paggawa ng pananaliksik lalo na doon sa mga paaralang hindi pa kalakihan na iisang guro sa Filipino ang naroroon.

Karamihan ay nangangapa at kulang na kulang pa sa kaalaman kung kaya't nahahirapan silang magturo nito. Kung ganito ang sitwasyon ay paano nila matuturuan nang maayos ang kanilang mga mag-aaral. Ano ang ituturo nila kung sila nga ay salat din sa kaalaman.

Nangangahulugan kung gayon, na ang gabay-saliksik na ito ay magagamit hindi lang ng mga mag-aaral sa Sorsogon State College kundi maging sa mga paaralan sa sekundarya. Hindi rin lang mag-aaral ang maaaring makinabang nito kundi maging mga guro, dahil sa mga impormasyong makukuha nila dito na hindi lamang nila maibabahagi sa mga mag-aaral kundi maging sa kanilang pansariling kapakinabangan. Tulong din ito sa Kagawaran ng Edukasyon na hinihingi o inaatasan na ang mga gurong magsagawa ng pananaliksik tungkol sa mga suliraning kinahaharap sa edukasyon nang sa gayo'y malutas ito. Inilahad sa unang bahagi ng rasyonal ng DepEd Order No. 16, s.2017, na inaatasan ang Kagawaran ng Edukasyon batay sa Governance of Basic Education Act of 2001 (RA 9155) [15] na bumuo ng mga patakaran at paraan upang patuloy na mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Isa sa mga paraang inilahad dito ay ang pagsasagawa ng mga pang-edukasyong pananaliksik na magiging batayan para sa mga kinakailangang reporma at bagong patakaran.

Bahagi ng gabay ay ang mga halimbawa ng pananaliksik ng mga mag-aaral at mga guro sa SSC kung saan karamihan sa mga ito ay naipresenta na sa mga pananaliksik forum, lokal, nasyonal at maging internasyonal na presentasyon, at ang ilan ay hindi lamang naipresenta kundi nailathala na din sa isang tanyag na publikasyon. Ang mga ito ay nakapagbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral upang higit pang magpursige na matutong magsulat at gumawa ng

pananaliksik. Ayon sa ilang nakapanayam na mag-aaral sa masteral na nagpapakadalubhasa sa Filipino, noon ay nagdadalawang isip sila kung ipagpapatuloy pa nila ang pagsulat ng tesis dahil sa napakahirap humanap ng mga publikasyon na tumatanggap ng Filipinong pananaliksik. Dahil dito sa mga nakita nilang pananaliksik na bahagi ng ginawang gabay-saliksik ay nabigyan sila ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral hanggang sa pagsulat ng tesis upang sila’y makapagtapos at maangkin ang titulong Master sa Arte sa Edukasyon (MAED). Isa pa ay gusto rin nilang balang araw ay mailathala rin ang kanilang pag-aaral at maipagmalaki rin ito, kasabay na ang wikang Filipino.

Nangangahulugan ang naging resulta na ang mga nailathalang pananaliksik sa Filipino na ibinahagi ng mananaliksik sa ginawang gabay ay malaking inspirasyon sa mga mag-aaral na mag-uumpisa pa lang gumawa ng riserts. Ito ay nagbukas sa kanilang isipan na kayang makipagsabayan at umangat ng Filipino sa Ingles, at dahil din sa mga ito ay nalinawan sila na hindi pasakit sa buhay ang paggawa ng pananaliksik, bagkus ito’y makakapagpalawak pa sa kanilang isipan at makapag-aambag pa sila sa lipunang kanilang kinabibilangan, maging sa pagpapayaman ng kultura, diyalektong Sorsoganon, at wikang Filipino. Patunay dito ang sinabi ni Leann [16] na isa sa pinakalayunin ng pananaliksik ay ang makapag-ambag ng kaalaman sa isang larangan o pag-aaral.

Katangiang Pisikal

Inilahad sa Talahanayan 3 ang mga katangiang pisikal ng gabay-saliksik. Nanguna sa kanilang mga

naging kasagutan ang, malinaw na inilalahad at madaling maunawaan ng mga target na mag-aaral na may 4.81 mean. Sinundan ito ng napapaunlad ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral gamit ang gabay na may 4.80 mean, tinutulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng malikhaing pag-iisip, at nakagaganyak at nakapagbibigay ng pansin ang kabuuang gabay na may 4.79 mean, maayos ang pagkalahad ng mga gawain. 4.77 mean, kaakit-akit at nakagaganyak sa mga mag-aaral. 4.60 mean, angkop ang naging disenyo o pabalat ng gabay, tama ang font ng text at angkop ang larawang nakapaloob 4.57 mean. Lahat ng ito ay may deskripsyon LS na nagangahulugang it’y lubos na sinasang-ayunan ng mga respondent.

Ayon sa mga kalahok simple ang pagkakagawa ng gabay, subalit maganda dahil maayos at hindi komplikado ang pagkakasunod-sunod ng nilalaman nito, mula sa pabalat hanggang sa talasanggunian. Ayon din sa kanila, siguradong hindi malilito at mahihirapan ang titingin at magbabasa nito, at hindi rin sila mahihirapang unawain ang nais ipakahulugan ng bawat salita, maging ng mga larawan o guhit na inilagay dito ng may-akda sapagkat walang ginamit na salitang panliteratura rito bagkus mga salitang pormal, pambansa at pawang mga katawagang ginagamit sa pananaliksik. Ayon nga kay Howes [17], ang salita ay iyong kasangkapan, kaya’t mahalagang piliin mo ito ng mabuti. Ayon din sa kanya, ang mensaheng malinaw na naisusulat ay nagpapakita rin ng paggalang at respeto sa iyong tagapakinig na makatutulong upang magkaroon ng maayos na relasyon.

Talahanayan 3. Kaangkupan at Kalidad ng Gabay-saliksik sa Katangiang Pisikal

Katangiang Pisikal	SSC (35)	BU (25)	Eksperto(10)	Kabuuan	
Ang katangiang pisikal ay:	M	M	M	M	Desk.
1. Tinutulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng malikhaing pag-iisip.	4.89	4.68	4.8	4.79	LS
2. Nakagaganyak at nakapagbibigay ng pansin ang kabuuang gabay.	4.8	4.68	4.9	4.79	LS
3. Napapaunlad ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral gamit ang gabay .	4.89	4.6	4.9	4.80	LS
4. Malinaw na inilalahad at madaling maunawaan ng mga target na mag-aaral.	4.8	4.64	5.0	4.81	LS
5. Maayos ang pagkalahad ng mga gawain.	4.6	4.72	5.0	4.77	LS
6. Angkop ang naging disenyo o pabalat ng gabay, tama ang font ng text at angkop ang larawang nakapaloob.	4.75	4.36	4.6	4.57	LS
7. Kaakit-akit at nakagaganyak sa mga mag-aaral.	4.74	4.4	4.7	4.60	LS
Composite Mean Rating	4.78	4.58	4.84	4.733	LS

Nangangahulugan kung gayon, na madaling makakakonekta ang mga mambabasa sa mga mensahe, ideya at impormasyong inilagay at ibinahagi ng may-akda sa gabay-saliksik na kaniyang ginawa. Sa madaling sabi, matutulungan sila nito upang matuto at mahikayat na mahalin at isabuhay ang pananaliksik.

Gaya sa mga pahayag na nabanggit ng mga kalahok sa naunang talahanayan, ito ay nakahihikayat sa kanilang gumawa rin ng pananaliksik. Isa pang nakakuha sa kanilang atensiyong makilahok ay ang diterminasyong nakita nila sa may-akda sa paggawa ng gabay para sila'y matulungan sa paggawa ng pananaliksik. Ayon sa kanila, hindi lamang sa nilalaman at pagkakagawa ng gabay napukaw ang kanilang interes, kundi maging sa pagpupursige rin ng may-akda na isang gurong nagtuturo at tagapayo sa pananaliksik, na inilaan ng buong puso ang kaniyang oras at isip para mabuo ang gabay-saliksik na naglalayong matulungan hindi lamang ang kaniyang mga mag-aaral na tinuturuan sa masteral at doktoral kundi maging ang mga mag-aaral sa loob at labas ng SSC kampus at ang mga gurong nagtuturo ng pananaliksik. Dagdag pa ng ilang mga kalahok, ramdam nila ang pagmamahal ng may-akda sa kaniyang ginawang gabay, kung kaya't maganda ang kinalabasan nito, kung saan dahil dito ay walang pagdadalawang isip din ang mga mag-aaral na makilahok at gumawa ng pananaliksik gamit ang gabay.

Ipinapahiwatig nito na mas dadami pa ang mga mag-aaral na magkakaroon ng interes dahil sa nahikayat sila ng ginawang gabay-saliksik. Magiging daan ito upang mawala sa kanilang isipan ang takot sa mga asignaturang pananaliksik, maging ang pagdadalawang-isip sa paggawa ng mga pananaliksik dahil sa ang nakatatak na sa kanilang isipan ay mahirap itong gawin, at muling manumbalik sa kanila ang pagmamahal sa paggawa ng pananaliksik, sapagkat kapag minahal nila ito ay tiyak na magiging maganda ang kalalabasan ng kanilng pag-aaral at magiging kapaki-pakinabang ito.

Kasapatan ng Kaalaman ng mga Mag-aaral Matapos Magamit ang Interbensiyong Gabay-saliksik

Ang kasapatan ng kaalaman sa pagsasagawa ng pananaliksik ay isa sa dapat taglayin sa pagbuo ng isang pananaliksik (Talahanayan 4). Magiging balakid ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman sapagkat ang pagbuo ng isang pananaliksik

ay nagsisimula sa pagpili ng paksa, pagkakaroon ng malinaw na konsepto sa paksa ng isang pananaliksik, at ang pagbuo ng mga katunungan ayon sa pananaliksik. Ito rin ang magiging batayan sa pagkuha ng mga ilalagay na datos, at magsisilbing gabay upang magkaroon ng pokus ang isang pananaliksik, kaya mahalagang pagplanuhan ang pagpili ng paksa.

Marami ang mga pagsubok na kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang saliksik. Upang makabuo ng isang wasto at makabuluhang saliksik, ang isang mag-aaral ay dapat na mayroong malinaw na kaalaman sa paksa na nais niyang pag-aralan. Ang pagpili ng paksa ay isa sa mga pinakamahalagang hakbang sa kabuuang proseso ng pananaliksik. Ayon kina Anson at Smith [18], ang mga mag-aaral ay nahihirapang magdesisyon kung ano ba ang mga paksa ng pananaliksik na magagawa at iilan lang ang may malinaw na pokus sa kung ano ang dapat nilang gawin sa saliksik. Ang kawalan ng malinaw na pokus ang siyang nagiging malaking balakid upang makapagsimula ang mag-aaral sa pananaliksik.

Samakatuwid ang pagbuo ng mga kritikal na katanungan ayon sa pananaliksik ang pinakaunang hakbang upang ang isang indibiduwal ay matuto. Ang kaanyuan ng katanungan ay nakadepende rin sa dati at natural na kaalaman ng mga mag-aaral [19]. Kung gayon, malaking bahagi ng kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman ng sulating pananaliksik ay nakabase sa mga una nilang natutunan sa dating asignatura.

Narito ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral sa kung gaano kasapat ang kanilang kaalaman matapos na magamit ang inihandang gabay-saliksik.

Pagpili ng Paksa

Lubos ang kasapatan sa kaalaman sa pagsusuri ng paksang makabuluhan tungkol sa wika at panitikan na may weighted mean na 4.7 at 4.6 na ang pagtukoy ng paksang napapanahon at angkop sa kinabibilangang pangkat. Samantalang sapat lamang ang kaalaman sa mga aytem na pag-alam sa mga batayang katangian ng isang mainam na paksa ng isang pananaliksik, pagtukoy ng paksang kaugnay ng layunin o interes/tumatawag sa iyong pansin, at ang pagtukoy ng paksa na naayon sa strand na kinabibilangan, may makakalap na sapat na datos at sanggunian upang maisagawa ang pananaliksik na may 4.3 at 3.9 na weighted mean ayon sa pagkakasunud-sunod. Ang kabuuang antas ng kasapatan sa pagpili ng paksa ay 4.3 weighted mean na nangangahulugang may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral.

Talahanayan 4. Antas ng Kasapatan sa Pagpili ng Paksa

Aytem	WM	Desk.
Pagsusuri ng paksang makabuluhan tungkol sa wika at panitikan	4.7	LK
Pagtukoy ng paksa na naayon sa strand na kinabibilangan, may makakalap na sapat na datos at sanggunian upang maisagawa ang pananaliksik	3.9	SK
Pag-alam sa mga batayang katangian ng isang mainam na paksa ng isang pananaliksik	4.4	SK
Pagtukoy ng paksang napapanahon at angkop sa kinabibilangang pangkat	4.6	LK
Pagtukoy ng paksang kaugnay ng layunin o interes/tumatawag sa iyong pansin	3.9	SK
Composite Mean	4.3	SK

Talahanayan 5. Antas ng Kasapatan sa Paglalahad ng Rasyonal ng Suliranin

Aytem	WM	Desk.
Pagkakaugnay-ugnay ng mga pangunahing ideya at mahahalagang detalyeng nais isama sa pananaliksik	4.8	LK
Pagpapangkat-pangkat ng mga datos o impormasyon upang matiyak na ang nabuong tanong ay masasagot sa loob ng time frame na inilaan para sa pananaliksik	4.3	SK
Pagtatala ng pangunahing kaisipan ayon sa pagkakasunud-sunod	3.9	SK
Pagbubuod ng punong ideya gamit ang sariling pananalita	4.6	LK
Pagsasaayos ng mga ideya sa organisadong pamamaraan	4.2	SK
Composite Mean	4.36	SK

Talahanayan 6. Antas ng Kasapatan sa Pagtukoy ng Kaugnay na Literatura at Kaugnay na Pag-aaral

Aytem	WM	Desk
Pagtukoy sa mga layunin, disenyo at resulta ng kaugnay na pag-aaral	4.3	SK
Pagkalap ng mga impormasyon mula sa mga napapanahong lokal at banyagang impormasyon	4.5	LK
Pangangalap ng datos mula sa iba't ibang uri ng sanggunian	4.8	LK
Paghahanap ng mga isasamang literatura at pag-aaral kaugnay ng paksa ng pananaliksik	4.1	SK
Pagkilala sa mga may-akda ng mga pinaghanguang mga impormasyon	4.7	LK
Composite mean	4.48	SK

Lumabas din sa pag-aaral na ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangunahing ideya at mahahalagang detalyeng nais isama sa pananaliksik ang may lubos ang kasapatan ng mga-aaral na may 4.8 na weighted mean ayon sa Talahanayan 5.

Sapat ang kasapatan ng kaalaman sa pagbubuod ng punong ideya gamit ang sariling pananalita, pagpapangkat-pangkat ng mga datos o impormasyon upang matiyak na ang nabuong tanong ay masasagot sa loob ng time frame na inilaan para sa pananaliksik, pagsasaayos ng mga ideya sa organisadong pamamaraan at ang pagtatala ng pangunahing kaisipan ayon sa pagkakasunud-sunod na may weighted mean na 4.6, 4.3, 4.2, at 3.9 ayon sa pagkakasunud-sunod. Sa kabuuan, ang antas ng kasapatan sa paglalahad ng rasyonal ng suliranin ay 4.36 na ang ibig sabihin ay may sapat na kaalaman.

Sa pagtukoy ng kaugnay na literatura at pag-aaral (Talahanayan 6), lubos ang kasapatan sa pangangalap ng datos mula sa iba't ibang uri ng sanggunian na may 4.8 weighted mean, pagkilala sa mga may-akda ng mga

pinaghanguang mga impormasyon na may weighted mean na 4.7 at 4.5 ang pagkalap ng mga impormasyon mula sa mga napapanahong lokal at banyagang impormasyon. Samantalang sapat ang kaalaman sa pagtukoy sa mga layunin, disenyo at resulta ng kaugnay na pag-aaral na may 4.3 weighted mean at 4.1 ang paghahanap ng mga isasamang literatura at pag-aaral kaugnay ng paksa ng pananaliksik.

Ang Talahanayan 7 ay nagsasaad ng antas ng kasapatan sa paglalahad ng disenyo at pamamaraan sa pangangalap ng mga datos. May lubos na kasapatan ng kaalaman sa pagtitipon at pag-uuri sa mga datos na nakalap na may weighted mean na 4.8, 4.6 sa pagkuha ng mga datos gamit ang angkop na instrumento sa desinyo ng pananaliksik, at 4.5 naman sa pagkokonsulta sa istatistisyan o taong may kaalaman sa istadistika. Sapat ang kasapatan ng kaalaman sa pagsusuri ng kinalabasan ng pananaliksik batay sa layunin ng pag-aaral na may weithed mean 4.4 at 3.9 ang pagkuha ng mga datos gamit ang angkop na instrumento sa desinyo ng pananaliksik. Ang kabouang

antas ng kasapatan sa paglalahad ng disenyo at pamamaraan sa pangangalap ng mga datos 4.44 weighted mean na nangangahulugang sapat ang kasapatan ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Ayon sa Talahanayan 8, lubos ang kasapatan ng kaalaman sa pagsasaayos nang sistematiko ng magkakaugnay na datos sa talahanayan na may weighted mean na 4.8, 4.7 pag-oorganisa ng mga datos sa lohikal at sikwensyal na paraan sa anyong naratibo at 4.5 sa paglalahad ng mga datos bilang pansuporta sa mga datos sa talahanayan o anumang pantulong na grapiko. Samantalang sapat na kasapatan sa kaalaman naman sa pagbibigay-kahulugan sa naging resulta batay sa binuong opsyon, interbal, at berbal na interpretasyon na may 4.2 weighted mean at 4.1 sa pagbibigay-interpretasyon gamit ang tamang konstruksyon ng pangungusap at wastong grammar sa pagbibigay-kahulugan o interpretasyon. Sa kabouan, ang antas ng kasapatan sa paghahanay ng mga datos at pagbibigay-interpretasyon ay 4.46 weighted mean na

ibig sabihin ay sapat na kasapatan lamang ang kanilang kaaaman.

Ang Talahanayan 9 ay naglalahad ng resulta para sa antas ng kasapatan sa pagbuo ng Lagom, Konklusyon at Rekomendasyon. Ang paglalahad ng lagom sa paraang tekswal at numerical sa pamamagitan ng mahahalagang datos ay may 4.8 weighted mean, 4.6 pagrerekomenda sa ibang mananaliksik na ipagpatuloy ang pagpapalawak ng katulad na pag-aara, at 4.5 pagbibigay ng maikli ngunit makabuluhang lagom na nangangahulugang may lubos na kasapatan sa kaalaman ang mga mag-aaral. Samantalang may sapat na kasapatan ng kaalaman naman sa pagbanggit sa mga mahahalagang tuklas at bahagi ng datos upang mapagbatayan ng konklusyon at pagbuo ng maikli at tuwirang konklusyon batay sa natuklasan na may weighted mean na 4.3. Sa kabuuan, ang antas ng kasapatan sa kaalaman sa pagbuo ng lagom, konklusyon, at rekomendasyon ay may weighted mean na 4.5 na ibig sabihin ay lubos ang kasapatan ng kanilang kaalaman.

Talahanayan 7. Antas ng Kasapatan sa Paglalahad ng Disenyo at Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos

Aytem	WM	Desk.
Pagkuha ng mga datos gamit ang angkop na instrumento sa desinyo ng pananaliksik	4.6	LK
Paggamit ng sampling upang matukoy ang bilang ng kalahok sa isinasagawang pananaliksik	3.9	SK
Pagkokonsulta sa istatistisyan o taong may kaalaman sa istadistika	4.5	LK
Pagtitipon at pag-uuri sa mga datos na nakalap	4.8	LK
Pagsusuri ng kinalabasan ng pananaliksik batay sa layunin ng pag-aaral	4.4	SK
Composite mean	4.44	SK

Talahanayan 8. Antas ng Kasapatansa Paghahanay ng mga Datos at Pagbibigay-Interpretasyon

Aytem	WM	Desk.
Pagsasaayos nang sistematiko ng magkakaugnay na datos sa talahanayan	4.8	LK
Paglalahad ng mga datos bilang pansuporta sa mga datos sa talahanayan o anumang pantulong na grapiko	4.5	LK
Pagbibigay-kahulugan sa naging resulta batay sa binuong opsyon, interbal at berbal na interpretasyon	4.2	SK
Pag-oorganisa ng mga datos sa lohikal at sikwensyal na paraan sa anyong naratibo	4.7	LK
Pagbibigay-interpretasyon gamit ang tamang konstruksyon ng pangungusap at wastong grammar sa pagbibigay-kahulugan o interpretasyon	4.1	SK
Composite mean	4.46	SK

Talahanayan 9. Antas ng Kasapatan sa Pagbuo ng Lagom, Konklusyon at Rekomendasyon

Aytem	WM	Desk.
Pagbanggit sa mga mahahalagang tuklas at bahagi ng datos upang mapagbatayan ng konklusyon	4.3	SK
Pagbuo ng maikli at tuwirang konklusyon batay sa natuklasan	4.3	SK
Pagbibigay ng maikli ngunit makabuluhang lagom	4.5	LK
Paglalahad ng lagom sa paraang tekswal at numerical sa pamamagitan ng mahahalagang datos	4.8	LK
Pagrerekomenda sa ibang mananaliksik na ipagpatuloy ang pagpapalawak ng katulad na pag-aaral	4.6	LK
Composite mean	4.5	LK

Talahanayan 10. Kabuuang Antas ng Kasapatan sa Gawaing Pananaliksik

Aytem	WM	Desk.
Pagpili ng Paksa	4.3	SK
Paglalahad ng Rasyonal ng Suliranin	4.36	SK
Pagtukoy ng Kaugnay na Literatura at Kaugnay na Pag-aaral	4.48	SK
Paglalahad ng Disenyo at Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos	4.44	SK
Paghahanay ng mga Datos at Pagbibigay-Interpretasyon	4.46	SK
Pagbuo ng Lagom, Konklusyon at Rekomendasyon	4.50	LK
Composite mean	4.423	SK

Sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik, lumabas na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral matapos magamit ang nabuong gabay-saliksik. Subalit may mga gawaing pananaliksik pa rin na kailangang paunlarin. Mahalaga ang pakikisangkot o pakikihalubilo sa mga gawain. Sa pamamagitan nito natutuhan ng mga mag-aaral kung paano magampanan ang isang gawain. Nagpapatibay ito ng sariling pang-unawa sa pamamagitan ng praktikal na pagsasagawa. Nagsisilbi rin itong motibasyon upang matutuhan ng mga mag-aaral ang pagbuo ng isang tiyak na gawain. Dahil dito, ang pakikilahok ang susi upang matutuhan ang nakaatang na gawain gaya ng pananaliksik.

Ang mataya ang kaangkupan, kabisaan at mapagtibay ang nabuong gabay na magagamit ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik ay isang pangangailangan na dapat taglayin ng isang kagamitang pampagtuturo. Sapagkat ito ay makakatulong sa makabuluhan at makahulugang paglinang ng kakayahang kognitib ng mga mag-aaral. Sinuportahan ito ng pag-aaral na isinagawa ni Abadilla⁽²²⁾ na bouhin niya at bigyang kritik ang modyul tunkol da panimulang pananaliksik. Napatunayan niya na malaking tulong ito sapagkat ang mga pagsasanay ay malaking tulong sa paglinang pandamdamin at pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan.

Naitulong ng Gabay-saliksik sa Performans ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Pananaliksik.

Malaki ang naitulong ng gabay-saliksik sa naging performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik. Natugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuklas ng iba't ibang mga kaalaman at mga bagay na nagsisilbing puhunan nito sa paggawa ng makabuluhang pananaliksik. Mas nahasa pang lalo ang kasanayan ng isang mag-aaral sa pananaliksik at pagsulat ng sulating pananaliksik. Nabigyang-linaw din ang mga mahahalagang isyu o paksa ng pananaliksik.

Narito ang ilang sa mga naging kasagutan ng mga mag-aaral na guro:

Kalahok Blg. 4: “Tumaas ang respeto at tiwala ko sa aking sarili na mapagtagumpayan ang paggawa ng pananaliksik. Lalong lumawak at nadagdagan pang lalo ang kaalaman ko sa pagbuo ng isang pananaliksik mula sa nabasa ko sa gabay-saliksik.”

Kalahok Blg 6: “Nadagdagan pang lalo ang aking kaalaman tungkol sa pananaliksik, may alam na ako pero ngayon nadagdagan pa ito.”

Kalahok Blg. 15 “Hindi ko pa po gamay ang paggawa ng pananaliksik. Nakatuklas ako ng mga bagong impormasyon, ideya, at konsepto na maaari kung pagbatayan sa paggawa ko rin ang aking pananaliksik.”

Kalahok Blg. 21 “Nakapagbigay ng bagong pagpapakahulugan o interpretasyon sa dati nang ideya tungkol sa pagsulat ng pananaliksik. Asahan nyo po na ito rin ay ibabahagi ko sa aking mga mag-aaral. Tiyak po na sa susunod may mabubuo na kaming risert.”

Sa naging aksyon risert ni Mentrillo [21] nilayon nito ang makabuo ng gabay sa sulating pananaliksik. Natukoy sa pag-aaral na ito na mabigat ang suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sulating pananaliksik. Kung kaya’t napakahalaga ng isang gabay sa paggawa ng pananaliksik. Ito rin ang natuklasan ng mananaliksik sa kanyang naging pag-aaral. Nahirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pananaliksik subalit nang sila ay mayroon na ng magagamit na gabay sa kung paano ang pagbuo ng pananaliksik, ito’y naging daan upang ang kanilang suliranin ay mabawasan. Ang patuloy sa paghasa sa pagkatuto ng pagsusulat ay makakatulong ng malaki sa paglinang nito. Ayon nga sa pag-aaral ni Concepcion [22] mas mataas ang nalilintang na kakayahan ng mag-aaral kapag ginamitan ng prosesong pagdulog sa pagsulat ang mga ito. Nakakatulong ang ganitong dulog sa paglinang ng komprehensiyon, interes, kakayahan, at istilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang nabuong gabay-saliksik na isinalang sa balidasyon ay nagbigay ng makabuluhang kaalaman tungkol sa pananaliksik. May kaangkupan at kalidad ang layunin, nilalaman, at katangiang pisikal ng gabay-saliksik mula sa naging balidasyon ng mga eksperto at mag-aaral. Sapat ang kasapatan ng kaalaman ng mga mag-aaral matapos magamit ang interbensyong gabay-saliksik sa pagtukoy ng pagpili ng paksa, paglalahad ng rasyonal ng suliranin, pagtukoy ng kaugnay na literatura at kaugnay na pag-aaral, paglalahad ng disenyo at pamamaraan sa pangangalap ng mga datos, paghahanay ng mga datos at pagbibigay-interpretasyon, at pagbuo ng lagom, konklusyon, at rekomendasyon. Napakalaki ng naitulong ng gabay-saliksik sa performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

Inirekomendang gamitin ang nabuong gabay-saliksik sa higit na pagkatuto ng pagbuo ng pananaliksik at pagbabahagi nito sa kanyang mga mag-aaral at sa kanyang mga kapwa-guro. Magbigay ng mas maraming gawaing pagsasanay ang mga mag-aaral upang malinang ang kanilang pagkatuto sa nilalaman, pagkakabuo, at mekaniks ng pagsulat ng pananaliksik. Para sa mananaliksik sa hinaharap, magsagawa ng katulad na pag-aaral hinggil sa ibang asignatura o sa ibang lokalidad upang mahanapan ng mg posibleng solusyon ang iba pang matutukoy na suliraning pang-edukasyon.

TALASANGGUNIAN

- [1] Batas Republika Blg. 7104, seksyon 14.
- [2] Komisyon sa Wikang Filipino. Medyo Matagalang Plano 2017-2020 ng KWF. Karapatang Sipi 2016.
- [3] Bernales, R. A. (2008). Kritikal na Pagbasa at Lohikal na Pagsulat sa Pananaliksik Valenzuela City: Mutya Publishing House.
- [4] DepEd: Edukasyon ang Susi sa Maayos na Buhay <http://www.deped.gov.ph/regions/region-x/regional-press-releases/deped-edukasyon-ang-susi-sa-maayos-na-buhay>, Retrieved:
- [5] Pananpiksik, <https://www.powtoon.com/online-presentation/esN3xVAXQH/pananaliksik/mode-presentation>
- [6] Research Success with Senior High School Students <http://www.questia.com/library/journal/1P3-98001807/research-sucess-with-senior-high-school-students>
- [7] Manalo, J. (2016), Salik na Nakaapekto sa Pagkatuto ng Pagbuo ng Papel Pananaliksik ng Baitang 11 sa Mataasnakahoy Senior High School.
- [8] Balona, J. B. (2018). Writing Proficiency and Needs of the Grade 9 Students in Bulan Cluster” School of Graduate Studies. Sorsogon State College.
- [9] Ventura, J.G (2011). Kagamitang Pagtuturo sa El Filibusterismo: Salig sa Teoryang Konstruktibismo (Di nailathalang Tesis) Pamantasan ng Mariano Marcos, Lunsod ng Laoag.
- [10] Richardson, C. (2017), The importance of plain language for content creation, <https://centerforplainlanguage.org/the-importance-of-plain-language-for-content-creation/>, Retrieved: June 16, 2020.
- [11] Jones, N. (2015), Why Is It Important to Use Simple Words in Place of Complex Words? <https://www.slideshare.net/NancyRJones/why-is-it-important-to-use-simple-words-in-place-of-complex-words>, Retrieved: June 18, 2020.
- [12] Arrogante, Jose A. et al. (2012)Ugnayan: Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Manila: Navotas Prsess, Navotas, Metro, Manila.
- [13] Haiyan Zhou (2017), Why Does Writing Good Learning Objectives Matter?, <https://learninginnovation.duke.edu/blog/2017/03/learning-objectives/>, Retrieved: June 18, 2020
- [14] Jpr Ochieng'-Odero (2017), How we can make academic research useful to the society? https://www.researchgate.net/post/How_we_can_make_academic_research_useful_to_the_society, June 17, 2020.
- [15] Mark Anthony Llego, (2017), 2020 DepEd Research Management Guidelines, Deped Order No. 16, s.2017- <https://www.teacherph.com/deped-research-management-guidelines/>, Retrieved: June 19, 2020.
- [16] Zarah Leann (2020), 7 Reasons Why Research is Important. <https://owlcation.com/academia/Why-Research-is-Important-Within-and-Beyond-the-Academe>, Retrieved: June 17, 2020.
- [17] Howes, J. (2018), Use Clear and Simple Language, <https://federation.edu.au/staff/business-andcommunication/communication-guidelines/writing-toolkit/use-clear-and-simplelanguage#:~:text=Use%20clear%20and%20simple%20language,which%20helps%20build%20better%20relationships>, Retrieved: June 17, 2020.
- [18] Anson, R. & Smith, K. (2004). Undergraduate Research Projects and Dissertations: issues of Topic Selection, Access and Data Collection Amongst Tourism Management Students. <http://www.hist.ltsn.ac.uk/johiste>, Retrieved: January 17, 2019
- [19] Gee, Jim. 2012. Importance of Prior Knowledge to Learning. <https://news.illinoisstate.edu/2012/01/importance-of-prior-knowledge-to-learning>, Retrived: November 22, 2019

- [20] Abadilla, M. O. (2006). Debelopment at Balidasyon ng Modyul sa Panimulang Pananaliksik para sa Kolehiyo. Tesis Pangmasteral. Pambansang Normal ng Pilipinas.
- [21] Mextrillo, Alvin P. (2018) "Pagbuo ng Gabay sa Sulating Pananaliksik sa Senior High School". [PAGBUO_NG_GABAY_SA_SULATING_PANANALIKSIK_SA_SENIOR_HIGH_SCHOOL_converted20190825_80570_15gkr7d](https://www.academia.edu/40167390/PAGBUO_NG_GABAY_SA_SULATING_PANANALIKSIK_SA_SENIOR_HIGH_SCHOOL_converted20190825_80570_15gkr7d)"<https://www.academia.edu/40167390/>
- [22] Concepcion, O. E. (2008). Diksyunaryong Filipino-Filipino. Harmony Publishing House.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).